# ANG UMA

Ang Opisyal na Pahayagan ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura

Agosto 2012 | Ikalawang Isyu


# CARPER: LARAWAN NG KABIGUAN AT KAWALANG HUSTISYA SA URING MAGSASAKA

Sa Agosto 8, ikatlong taon na ng implemenstasyon ng mapanlinlang, hungkag, maka panginoong may lupa at kurap na RA 9700 o ang **Comprehensive Agrarian Reform Program with Extension and Reform** (CARPER). Para sa uring magsasaka, ang CARPER ay simbolo ng ultimong representasyon ng maka-panginoong maylupang katangian ng kasalukuyang rehimen ni NoyNoy Aquino.

**Kawalan ng panlipunang hustisya**

Katulad sa mga naunang reporma sa lupa ng gobyerno partikular ang CARP ng rehimeng Cory Aquino, wala sa hinagap ng CARPER ang ganap na pamamahagi ng lupa sa mga magbubukid. Mas pinabigat at pinahigpit nito ang mga rekisitos sa mga magsasakang benepisyaryo upang panghinaan sila ng loob para isulong ang kanilang karapatan sa lupa.

Ilan sa mga probisyon alinsunod sa CARPER na tiyak na sagka sa anumang nais ng magsasaka sa pisikal na distribusyon ay: [1] pagbigay ng kapangyarihan sa may-ari ng lupa upang kilalanin ang kanyang tenante; [2]panunumpa sa korte at lokal na baranggay bilang patunay na pagtupad sa lahat ng kondisyon at obligasyon bilang benepisyaryo at [3] pagbabayad ng mga magsasaka ng amortisasyon sa loob ng 30 taon.

Kasabwat ang mga tiwaling opisyal ng Department of Agrarian Reform, ginagawang palabigasan ng mga may-ari ng lupa at AKBAYAN ang CARPER na sa kasalukuyan ay may badyet na P21B. P12B dito ay sa anyo ng Land Acquisition and Distribution [LAD], ito ang magsisilbing kabayaran sa mga may-ari ng lupa.

Nanguna ang AKBAYAN sa paglalakad at pangangampanya sa pagsasabatas ng CARPER noong 2009. Nagtayo din ito ng organisasyon sa loob ng Hasyenda Luisita upang hatiin ang laban ng mga manggagawang bukid - ang FARM-Luisita. Gayundin sa Negros, ang Task Force Mapalad. Taga-Akbayan din ang napapabalitang napipisil ni Aquino na papalit kay DAR Secretary Delos Reyes para idiskaril ang pamamahagi ng lupain ng Hasyenda Luisita.

**Ang CARPER at Hasyenda Luisita**

Sa ngalan ng makauring interes at dikta ng pamilya, pilit na kinakahon ng rehimeng Aquino ang inisyal na tagumpay ng militanteng pakikibaka ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita sa ilalim ng CARPER. Sinasamantala nito ang mga butas sa desisyon ng Korte Suprema noong Abril 24 partikular sa usapin ng balwasyon ng lupa upang biguin ang pamamahagi ng Hasyenda Luisita sa mahigit anim na libong manggagawang bukid na benepisyaryo nito.

Sa kasalukuyan ang DAR ay may na screen nang mahigit walong libong potensyal na benepisyaryo. Ito ay lagpas sa 6,296 orihinal na benepisyaryo sa loob ng Hasyenda Luisita. Ang tanging layunin nito ay guluhin ang orihinal na listahan, pagawayin ang mga manggagawang bukid, tanggalin sa listahan ang mga orihinal na benepisyaryo at ipakita ang impraktikalidad ng pamamahagi ng lupa.

Ito ay upang ipasok sa ibang iskema tulad ng lease back, joint venture at corporative scheme ang Hasyenda Luisita na garapalang ginagamit sa kasalukuyan ni Danding Cojuangco upang makuha sa mga magsasaka ang mahigit na limang libong ektaryang lupain sa Negros. Naging possible ang ligal na pangangamkam sa lupa dahil sa CARPER.

**Militanteng paglaban at ang tunay na reporma sa lupa**






*Photo from Tudla Production*

Ang CARPER katulad ng rehimen ni Aquino ay walang pagtatangka na baguhin ang umiiral na relasyon sa kanayunan. Sa kaso ng Hasyenda Luisita, malinaw ang hangarin nito na biguin ang pamamahagi ng lupa gamit ang CARPER. Sa katunayan bahagi ang CARPER sa plano ng asyenderong pangulo para sa kanyang mga legal na pamamaraan para linlangin, hatiin at agawin ang inisyatiba sa mga manggagawang bukid.

Ngunit ipinakita ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita na hindi ang CARPER bagkus ang kanilang kolektibo at militanteng pagkilos ang nagtulak sa Korte Suprema na ipamahagi ang lupain sa kanila.

Labas sa pakikibakang ligal sa korte, ang kampanyang bungkalan o sama-samang pagkilos ang naging susi sa pagpapanatili ng mga manggagawang bukid na may kinakaharap na laban sa lupa. Katulad ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita, nananatiling nakatayo ang mga bungkalan sa iba't ibang lugar sa Negros.

Sa pangunguna ng National Federation of Sugar Workers, naitayo ang mga Land Cultivation Areas [LCA] bilang sagot sa matinding kawalan sa lupa at kahirapan sa hanay ng mga manggagawang bukid sa Negros.

Ito ay sa gitna ng mga harassment, pagsampa ng mga gawa-gawang kaso at pagpaslang sa kanilang hanay, nanatiling nakatirik ang kanilang mga LCA's. Ang bungkalan sa esensya ay politikal na ekspresyon sa paggiit ng kanilang karapatan sa lupa na matagal nang ipinagkakait sa kanila.

Tanging sa militanteng landas ng pakikibaka at pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa unti-unting hihilagpos sa tanikala ng kahirapan ang uring magsasaka't manggagawang bukid.

Ang aral na nakuha ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita at NFSW sa Negros ay pagsilbihin para sa pagtutuloy na militanteng pakikibaka para sa lupa, sahod,trabaho, karapatan at hustisyang panlipunan ng iba pang mangggagawang bukid sa buong bansa.

Ipunin ang lakas para ipanawagan ang pagbabasura sa CARPER at pagsasabatas ng **Genuine Agrarian Reform Bill** na isinusulong ng ANAKPAWIS Party list sa kongreso. Mayor na layunin ng GARB ang libreng pamamahagi ng lupa sa lahat ng wala o kulang ang lupang sinasaka. Layon din nitong tanggalin ang ganap na kontrol at pagmomonopolyo ng mga panginoong may lupa sa malawak na lupain sa sa ating bansa. ■

**CARPER pahirap sa masang magsasaka, Ibasura!**

**GARB Isabatas, Ngayon na!**

**Isulong at ipagtanggol ang Bungkalan!**

**Tunay na Reporma sa Lupa, Ipaglaban!**

# Ikatlong SONA ng Asyenderong Pangulong Aquino, sinabayan ng protesta ng mga manggagawang bukid ng Asyenda Luisita

Papet at pahirap sa uring magsasaka't mamamayan, suma total walang liwanag sa dulo ng tuwid na daan na tinatahak ng masang anakpawis sa ilalim ng hasyenderong rehimeng Aquino. Sa ikatlong ulat nito sa mamamayan, pawang mga tagpi-tagping di umano'y nagawa ng kanyang administrasyon ang ibinida tulad ng pag-angat ng ekonomiya ng 6.4%, pagtaas ng badyet sa serbisyo, pagpapa-utang sa IMF ng $1B, pagpapatalsik kay Corona at pagpapanagot kay Gloria Aroovo.

Katulad ng kanyang nagdaang SONA, tiniyak itong may patutsada sa kanyang mga kritiko upang pagtakpan ang kanyang malubhang kahinaan at kapabayaan sa masang anakpawis. Ngunit dalawang araw pagkatapos ng kanyang SONA, nakapagpiyansa si Gloria Arroyo, kaalinsabay nito ang muling pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo.

**Kawalan ng lupa at karahasan laban sa mga manggagawang bukid**

Wala nang ibang magpapakita ng maka-uring panginoong maylupang pagtindig nito sa usapin ng reporma sa lupa kung hindi ang kaso ng Hasyenda Luisita. Sa kabila ng pinal na desisiyon ng Korte Suprema na ipamahagi ang Hasyenda Luisita, pilit na hinahabol ni Aquino at ng kanyang angkan ang desisyon sa pamamagitan ng mga maniobra sa loob at labas ng Hasyenda Luisita.

Ginagamit ng rehimen ang Department of Agrarian Reform para agawin ang inisyatiba sa ilalim ng pamumuno ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura [UMA].

Ito ay para ibulid sa kolaborsyonismo ang miltanteng paglaban ng mga manggagawang bukid gamit ang mga probisyon sa Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reform (CARPER) na pabor sa mga panginoong maylupa gaya ng mga Cojuangco-Aquino.

Gamit ang posisyon sa gobyerno, pinanatili ni Aquino ang mga elemento ng militar at pulis upang panghimasukan ang usaping agraryo sa loob ng Hasyenda Luisita. Binasbasan din nito ang mga ilegal na gawain ng Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC) upang bigyang katwiran ang mga ginagawa nitong panghahati at karahasan sa mga lider at miyembro ng AMBALA at ULWU.

Ilang beses nang nagkaroon ng mga marahas na dispersal ang gamit ang mga security guards ng RCBC at bayarang goons nito. Gayundin ang pagsampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga manggagawang bukid upang pigilin ang kanilang paghahabol sa limandaang ektrayang lupain na despiradong inaagaw ng RCBC.

Dagdag dito, dapat maging kritikal at bantayan ang Korte Suprema lalo't higit sa kasalukuyan, dahil sasamantalahin ni Aquino ang proseso ng Judicial and Bar Council sa pagpili ng bagong punong hukitadura upang itayo ang Aquino Court.

Isandaang porsyento na iluklok kapalit ni Corona ay hawak ni Aquino sa leeg para impuwensyahan, maliitin at ipawalang saysay ang militanteng tagumpay ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita pabor sa kanyang pamilya.

**Papatinding kahirapan sa hanay ng mga manggagawang bukid**

Dahil walang kongkreto at malinaw na programa ang rehimeng Aquino para ibsan ang kahirapang dinadanas ng mamamayan sa kanayunan man o sa lungsod, nakuntento na lamang ito sa pamumudmod ng limos sa mahihirap.

Imbes na magbuhos ng malaking badyet para sa mga programang panlipunan gaya ng sa kalusugan, edukasyon, pabahay, suportang serbisyo at sabsidyo sa mga magsasaka. Mas pinili pa ng asyenderong pangulo na magdagdag ng pondo sa programang Conditional Cash Transfer.

Habang ang mahigit 11M maralita ay patuloy na nagdildil ng asin, ginagamit ng mga tiwaling opisyal ng DSWD at mga kasabwat nito ang mga kababayan nating mahihirap para makakopo ng malaking badyet para sa taong 2013 na umaabot sa P44B.

**Tumitinding paglabag sa karapatang pantao**

Bigo ang rehimeng Aquino na mapigilan, hulihin at parusahan sa batas ang mga may kagagawan ng mga pampulitikang pamamaslang at sa iba pang porma ng paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan.

Sa loob ng dalawang taon ni Aquino sa poder, may naitala nang 100 na biktima ng pamamaslang kabilang na dito si Willhem Geertman, isang Dutch NGO worker na pinaslang dahil sa kanyang pagtulong sa pakikibaka ng mga magsasaka patikular sa probinsya ng Aurora at mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita.

Dinukot.
Iligal na inaresto.
Kinasuhan ng MURDER.



**Felicidad "Pidad" Caparal**
**Bilanggong Pulitikal**

Si Pidad, 30 taong gulang, may asawa at may 2 anak. Siya ay organisador ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA). Noong Pebrero 27, 2009, iligal na inaresto sa Brgy. Urdaneta, Lavesares, Northern Samar habang nakasakay sa bus pauwi sa kanilang bayan. Sa kasalukuyan, siya ay nakakulong sa Dangcalan Provincial Jail, Northern Samar sa gawa-gawang kasong isinampa sa kanya na diumano'y kasabwat siya ambush ng New People's Army (NPA) sa mga sundalo noong Hulyo 15, 2002.

**PALAYAIN SI PIDAD!**
**PALAYAIN ANG LAHAT NG BILANGGONG PULITIKAL!**

*Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA)*

Nananatili pa din nagdurusa sa iba't ibang kulungan sa buong bansa ang mahigit 350 mga bilanggong politikal kasama na dito ang UMA staff na si Felicidad Caparal dahil sa gawa-gawang kaso sa probinsya ng Samar.

Hindi pa din nahuhuli at napapanagot sa batas ang pusakal at berdugong si Jovito Palparan na malinaw na kinakanlong ng kanyang mga kabaro at ilang kasabwat na sibilyan kung kaya hindi mahuli.

**Pakanang Cha-Cha**

Pilit na pinapakulo din ng rehimeng hasyendero ang pakanang pagpapalit ng konstitusyon sa pakikipagsabwatan pangunahin ng kanyang mga kapartido sa kongreso at mga kasapakat nito sa senado.

Taktikal na hakbang din ito ng kasalukuyang rehimen ang pakanang charter change na siyang utos ng kanyang among US para sa 100% pagpasok ng mga dayuhang negosyo partikular sa media, serbisyo at lupaing nakalaan para pagtayuan ng mga export processing zone at pagmimina.

Tiyak na sasamatalahin ito ni Aquino at ng kanyang pamilya para ikutan ang desisyon ng Korte Suprema na ipamahagi ang Hasyenda Luisita.

Sa pangkabuuan gusto nitong iligtas ang mga malalawak na lupaing sakahan bilang paghahanda sa malawakang pagsubasta nito sa mga lokal at dayuhang mamumuhunan gamit ang makapanginoong maylupang CARPer at ang Aquino Supreme Court para ipuslit ang charter change.

Ang imbing planong ito ni Aquino ay siguradong magreresulta ng ibayong kahirapan at paglabag sa karapatang pantao dahil sa papatinding pangangamkam ng lupa at militarisasyon sa hanay ng mga magsasaka at mamamayang lumalaban.

**Ipagtanggol ang karapatan sa lupa, itakwil at labanan ang rehimeng US-Aquino!**

Hindi kayang lunurin ng mga palakpak ng mga politikong himod-kuyukot sa kasululuyang rehimen ang galit at pagkadisgusto ng mga manggagawang bukid at mamamayan laban sa asyendero at papet na administrasyong Aquino.

Wala nang ibang makakapagsabi ng tunay na kalagayan ng bansa kundi ang mga masang nakikibakang mamamayan at ang masang anakpawis na patuloy na binibiktima ng mga mapanlinlang na programa ng inutil at papet na rehimeng Aquino tulad ng CARPER sa hanay ng mga manggagawang bukid at magsasaka sa buong bansa.

Kaakibat nito ang tuloy-tuloy na operasyong militar sa ilalim ng Oplan Bayanihan laban sa mga mamamayang

(sundan sa pahina 4)

# Abril 24 desisyon ng Korte Supreme sa Hasyenda Luisita; Tagumpay ng militante at kolektibong pagkilos ng mga manggagawang bukid!

**Abril 24, ito ang makasaysayang araw ng tagumpay ng mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita matapos maglabas ng pinal na desisyon ang Korte Suprema upang ipamahagi ang 4,915 ektaryang lupain sa 6,296 orihinal na mga benepisyaryong mangagawang bukid ng Hasyenda Luisita.**

Matatandaan na noong Nobyembre 2011, naglabas ng desisyon ang kataas-taasang hukuman na nag-uutos ng pamamahagi ng lupa at pagbayad ng kompensasyon ng pamilya Cojuangco-Aquino sa mga mangagawang bukid na nagkakahalaga ng Php1.33 bilyon mula sa pinagbentahan ng 500 ektaryang lupain sa RCBC at 80 ektarya sa BCDA-SCTEX.

Nagkaisa ang labing apat na mga mahistrado na tuluyang ipamahgi ang lupa, habang ibinasura nito ang kahilingan ng pamilyang Cojuango-Aquino na panatilihin pa rin ito sa iskemang SDO ang Hasyenda Luisita. Mayorya rin sa mga mahistrado ang nagsabing dapat ang sukatan ng halaga ng lupa ay sa taong 1989 kung kailan pinagtibay ng Presidential Agrarian Reform Council o PARC ang pagpapaloob ng HLI sa Stock Distrbution Option o SDO sa ilalim ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program [CARP].

Taong 1957, nabili ng pamilya Cojuangco ang Hacienda Luisita sa pamamagitan ng pag-utang sa GSIS at ginarantiyahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa Chase-Manhattan of New York. Bilang kapalit, ibabalik ng pamilya ng hasyenderong pangulo ang Hasyenda Luisita sa mga manggagawang bukid na benepisyaryo nito pagkatapos ng sampung taon. Subalit hanggang kasalukuyan ay hindi pa napapasakamay ng mga magsasaka ang lupa sa kabila ng utos ng Korte Suprema na ito ay ipamhagi na sa mga manggagawang bukid.

Kaya makatwiran at makatarungan lamang ang sigaw ng mga manggagawang bukid na libreng ipamahagi ang lupa sa kanila. Mahigit limang dekada na silang pinagsamantalahan at pinipiga ang kanilang lakas paggawa. upang pagyamanin ang lupa para lamang huthutin ang kanilang yamang nililikha pabor sa interes sa pamilyang Cojuangco-Aquino.

Subalit nag-iwan ng puwang ang desisyon ng korte suprema upang makapag maniobra ang pamilyang Cojuangco-Aquino. Nariyan ang maaring paghabol sa mga regular na korte o maging hanggang sa Korte Suprema sa gagawing balwasyon ng DAR at Landbank sa lupain ng Luisita.

Gagamitin din ng mga Cojuangco-Aquino ang posisyon ng kanilang kamag-anak sa palasyo upang makipagsabwatan sa mga opisyal ng DAR. Siguradong kakasangkapin nito pangunahin ang huwad na batas na Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reform o CARPer upang magsilbing balakid sa aktwal at pisikal na pamamahagi ng lupain ng Hasyenda Luisita.

Sa ilalim ng mga probisyon ng CARPer, maaring hindi kilalanin ng panginoong may lupa ang mga benipisyarong manggagawang bukid. Sa batas na CARper maaring ipasok sa ibang iskema ang Hasyenda Luisita na katulad ng Stock Distribution Option gaya ng lease back agreement, corporative scheme at iba pang katulad na iskema. Sa kaduluhan, ito ay magreresulta ng patuloy na direktang kontrol ng PML gaya ng mga Cojuangco-Aquino sa lupa at bugiun ang pamamahgi ng lupa sa mga magsasaka.

Sa kasalukuyan, nakaumang ang Aquino court sa korte suprema na magiging batayan upang lutuin ng hasyenderong pangulo ang selection process na isinasagawa ng Judicial and Bar Council upang italaga nito bilang punong mahistrado ng Korte Suprema ang kanyang tao para ayunan ang P10 bilyong kompensasyon sa lupain ng Luisita na hinihingi ng kanyang pamilya.

Naninindigan ang mga mangaggawang bukid na magiging mapagbantay, tuloy-tuloy at militanteng lalaban sa mga ginagawang maniobra, panlalansi at pandarahas ng pamilya Cojuangco-Aquino laban sa mag manggagawang bukid na siyang tunay na nagmamay-ari na ngayon ng Hasyenda Luisita.

Desperado ang hasyenderong pangulo ito na gamitin ang lahat na rekurso ng gobyerno huwag lamang ganap na mapasakamay ng mga magsasaka ang lupain ng hasyenda.

Patuloy na ipaglalaban ng mga mangagawang bukid ng Hasyenda Luisita sa pamumuno ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita, United Luisita Workers' Union at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura upang igiit ang panawagang libreng pamamahagi at kolektibong pagbubungkal sa lupa.

Ang nakamit na taktikal na tagumpay ng mga mangagawang bukid sa Hasyenda Luisita ay bunga ng kanilang sama-samang pagkilos, militanteng paglaban at pakikipagkaisa sa ibat-ibang sektor. Inaalay nito pangunahin sa mga martir ng Luisita at masang anakpawis sa kanayunan ang tagumpay na kanilang nakamit.

Hindi rito nagtatapos ang laban bagkus simula pa lamang ito ng mga papatinding paglaban ng mamamayan at ng mga manggagawang bukid laban sa hasyenderong rehimeng NoyNoy Aquino.







## Unang Kumperensya ng mga Manggagawang Bukid sa Tubuhan inilunsad

Pinangunahan ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang matagumpay na unang kumperensya ng mga manggagawang bukid sa tubuhan noong Hulyo 7. Sa temang "Manggagawang bukid sa tubuhan, palawakin at palakasin ang pakikibaka para sa lupa, sahod, benepisyo at trabaho. Ilantad ang labanan ang kontra-magsasakang rehimeng US-Aquino". Layon ng nasabing aktibidad na ipatampok ang iba't ibang isyu, lokal na pakikibaka at kampanya ng mga manggagawang bukid sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

Dumalo sa pagpupulong ang mga kinatawan ng UMA-Isabela [UMAMI], Kaisahan-PAMATU [Batangas], National Federation of Sugar Workers [Negros], Organisasyon sa Yanong Obrero nga Nagkahiusa (Ogyon)-Bukidnon at United Luisita Workers Union (ULWU) [Tarlac].

Ayon sa pangkalahatang ulat, lumalabas na mayroon mahigit kalahating milyong mga manggagawang bukid sa buong bansa. Kung isasama ang mga direkta at hindi direktang umaasa sa industriya ng asukal ay aabot pa ito sa mahigit isang milyong mga indibidwal.

Kawalan sa lupa ang nananatiling pangunahing dahilan kung bakit sa mga nagdaang mga panahon ay patuloy ang signipikanteng bilang ng mga maralitang magsasaka na nagiging mga manggagawang bukid.

Malaking bilang ng mga manggagawang bukid ay matatagpuan sa mga hasyenda katulad ng Luisita sa Tarlac, Negros, Batangas at Mindanao.

Sa bahagi ng Isabela, may mahigit

(sundan sa pahina 4)

(SONA... mula sa pahina 2)

lumalaban para sa kanilang batayang karapatan lalo na sa kanayunan.

Sa loob ng dalawang taon sa poder, walang tangka ang rehimen na baguhin ang mga makapaminsalang patakaran at polisiya na dikta ng mga lokal at dayuhang namuhunang tumaya sa kandidatura nito, bagkus ay lalo pa nitong pasisidhiin at palalalain ang pagpapahirap sa mamamayan.

Dapat paghandaan ng uring anakpawis sa mga susunod na panahon ang mga panibagong ihahambalos ng rehimen sa patakarang ekonomiya at politika sa mamamayan. Tapos na ang palabas, itakwil at labanan ang maka-panginoong maylupa at papet na rehimeng US -Aquino!

*(Unang Kumperensya...)*

14,000 ektarya na ng lupain ang inilaan sa tubuhan para gawing biofuel. Sa huling ulat,n ito ay nagsisimula nang magpal;awak ng lupain sa ibang bayan ng probinsya tulad ng sa San Mariano.

Maliban sa problema sa lupa, malaking usapin din na dinadala ngayon ng mga manggagawang bukid ay ang pagpapatampok ng kampanya para sa sahod at benepisyo. Batay sa pagbabahagi ng mga datos, ang arawang kita ng mga manggagawang bukid sa tubuhan ay mula sa P135 – P200.

Mas higit na kadusta-dusta ang kalagayan ng mga "dayong manggagawang bukid" o mga sakada. Lumalabas na may abereyds na P150 ang kanilang arawang kita. May mga kaso pa sa ilang bahagi ng Visayas at Mindanao na tumatanggap lamang ng P50 – P70 na arawang sahod ng sakada.

Pangunahing bahagi ng laban sa benepisyo ay ang pagtutulak sa pagpapatupad ng implementasyon at posibleng pagamyenda sa ilang probisyon ng RA 6982 o ang Social Amelioration Fund [SAF]. Ang pondo ng SAF sa kasalukuyan ay umaabot na sa mahigit P2, 275, 839, 407 sa loob ng labingtatlong taon.

Mayroon pang mahigit P31, 130, 229.28 ang "unreleased" at P119, 782, 927.79 naman ang "unclaimed" na nasa direktang pamamahala ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Ang SAF ay buwis na kinakaltas sa sahod ng mga manggagawang bukid sa tubuhan. Kada piculs [62.3kgs], P10 ang kinakaltas bilang bahagi cash bonuses at iba pang benepisyo sa anyo ng serbisyong medikal, maternity, edukasyon, death claims at programang pangkabuhayan.

Kalimitan hindi nakukuha ng mga manggagawang bukid ang kanilang mga cash bonuses lalo sa panahon ng tiempos muertos [dead season] sa tubuhan kung saan mas laganap ang kagutuman dahil sa kakaunti o walang trabaho sa bukid

Naging matingkad din ang labanan sa isyu ng paggawa at kontraktuwalisasyon sa hanay ng mga manggagawang bukid.



Karamihan sa mga manggagawang bukid ay kontraktuwal, kadalasan ay lagpas sa walong oras ang kanilang trabaho lalo na sa panahon ng kabyawan [ani].

Talamak ang paggamit sa mga manggagawang bukid sa ilalim ng sistemang pakyawan na mas pinatindi pa ang pagsasamantala sa kanilang hanay. Gayundin ang iba pang mga paglabag ng mga malalaking ilohan at plantador sa mga labor standard na mismo ang gobyerno ang nagtakda.

Kadalasan hindi pinapayagan ang mga manggagawang bukid na magtayo ng kanilang samahan, asosasyon o unyon. Sa maagang yugto ng kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan ito ay kagyat na sinusupil sa pamamagitan ng pananakot, panunuhol at panghahati sa hanay ng mga manggagawang bukid.

Sa katunayan hindi din ligtas ang mga manggagawang bukid sa hagupit ng paglabag sa karapatang pantao ng kasalukuyang rehimen sa ilalim ng Oplan Bayanihan. Katulad ng nangyayari sa Hasyenda Luisita, nagpapatuloy ang deployment ng militar sa sampung baranggay na sakop nito.

Tinapos ang kumperensya sa pagbubuo ng isang pahayag ng pagkakaisa kung saan inihapag ang mga isyu, posisyon at panawagan ng mga manggagawang bukid sa iba't ibang rehiyon.

Naninindigan ang mga manggagawang bukid sa tubuhan sa pangunguna ng UMA na tanging sa isang tunay na reporma sa lupa, unti-unting mapapawi ang pagsasamantala sa kanilang hanay.

Kaakibat ang pagpapanawagan at pagkakampanya para sa disente at nakabubuhay na sahod. Gayundin ang kagyat at direktang pamamahagi ng SAF sa mga manggagawang bukid sa tubuhan. ■

## AMBALA at ULWU sa Pagsagka sa Maitim na Balak ng RCBC

Determinado at militanteng sinasagkaan ng mga manggagawang bukid at ng kanilang mga pamilya ang maitim na balak ng Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC) na itigil ang kanilang laban para ihinto ang pag-aagaw nito ng lupa na dapat lang ay maibahagi sa mga manggagawang bukid.

Nangyayari ito sa kalagayang ang Korte Suprema ay pinaboran na ang RCBC at ang Department of Agrarian Reform (DAR) naman ay pinapatagal ang kanyang pagdedesisyun sa apelang inihain ng AMBALA para bawiin ng DAR ang conversion order sa 182 ektaryang lupain na inaangkin ng RCBC. Habang tuluy-tuloy na ginagawa ng pamunuan ng RCBC ang lahat ng paraan para pahinain ang laban ng mga manggagawang bukid sa ilalim ng pamumuno ng AMBALA at ULWU

Noong Hulyo 13 lamang, may tatlumpu't anim na bayarang goons ng RCBC na nagpanggap na mga security guard ay ilang beses na sapilitang tangkain na agawin ang mga banner sa kubol ng AMBALA at ULWU na nasa labas lamang ng lupang pinaglalaban ng mga manggagawang bukid.

Dahil dito ilang miyembro ng mga manggagawang bukid ang nasugatan. Naganap ito ikatlong araw lamang matapos ang hindi natuloy a pagdinig sa Tarlac-RTC, hindi sumipot dito ang mga representante ng RCBC. Kinasuhan nito ang sampung miyembro at upisyal ng AMBALA at ULWU ng gawa-gaang kaso dajhil sa patuloy nitong paglaban na isama sa pamamahagi ang 182 ektaryang lupain na pilit inaangkin ng RCBC.

Mas maaga pa dito, may apat na kababaihan na miyembro AMIHAN-Luisita ay sinaktan ng mga bayarang goons ng RCBC kabilang dito ang isang menor de edad. Maliban dito, sinuhulan ng RCBC sa pamamagitan ng dating kongresista ng Marikina na si Romy "Ome" Candazo ang ilang mga lider ng AMBALA na sina Felix Nacpil Jr. at Manuel Mandigma para i-atras ang kubol na nagsisilbing simbulo ng militanteng paglaban upang igiit na isama sa pamamahagi ang lupaing inaangkin ng RCBC sa Brgy. Balete, Hasyenda Luisita.

Bilang kapalit, i-aatras nila ang mga na kasong kriminal na isinampa nila laban sa mga kasapi at opisyal ng mga AMBALA at ULWU na unang inihain nung 2011 sa 22 na katao. Isa pang kapalit na di rin natupad ay ititigil daw ang pagbabakod ng lupang pinagaagawan. Ngunit hanggang sa kasalukuyan ay nanatiling naka-amba ang mga gawa-gawang kaso ito laban sa mga manggagawang bukid.

Dahil sa di pagtangan sa batayang prinsipyo ng organisayon at nakipagsabwatan sa pamunuan ng RCBC, tuluyan nang inalis sa pamunuan kapwa sina Felix Nacpil Jr. at Manuel Mandigma bilang taga-pangulo at pangalawang taga-pangulo ng AMBALA.

Sa kabila ng mga ito, patuloy na naninindigan at militanteng hinaharap ng AMBALA ang mga gawa-gawang kaso ng RCBC, pandarahas ng mga bayarang goons nito at panibagong amba ng operasyong militar sa ilalim ng Oplan Bayanihan laban sa mga nakikibakang mga manggagawang bukid ng Hasyenda Luisita. ■

Ang pahayagang **Ang UMA** ay nilalabas tuwing ika-apat na buwan kada taon ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura

UMA Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura

Para sa mga mungkahi, suhestiyon at kontribusyon. Maaring makipag-ugnayan sa:
# 56 K-9 St., Brgy. West Kamias, Quezon City
Telepono: (632) 426-9442
Email: *uma_pilipinas@yahoo.com.ph.*
*Idadag at sundan ang UMA sa facebook; uma_pilipinas05@yahoo.com*